# Pananatiling Malusog

This is an Official U.S. Government Product

## Mga Panghadlang na Serbisyo ng Medicare

Ang isang madali at mahalagang paraan upang manatiling malusog ay kumuha ng mga serbisyong panghadlang at maagang pagtuklas. Ang mga serbisyong panghadlang at maagang pagtuklas ng sakit ay maaaring pumigil na magkaroon ka ng mga partikular na sakit o makatutulong sa iyo na malaman nang maaga ang mga problemang pangkalusugan, kung kailan ang paggamot ay pinakamahusay na nagkakabisa. Kausapin ang iyong doktor o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman kung anong mga pagsusuri o ibang mga serbisyo ang maaaring kailanganin mo, gaya ng inilalarawan sa tsart na sumusunod, at kung gaano kadalas na kailangan mo ang mga ito upang manatilihing malusog. Kung ikaw ay may Orihinal na Medicare, magagawa mo ngayon na kumuha ng taunang "Wellness" na pagbisita at maraming panghadlang ng mga serbisyo na wala kang babayaran.

Ang impormasyon sa publikasyong ito ay napapanahon noong ito ay nilimbag. Ang pagsakop ng mga panghadlang na serbisyo ay maaaring magbago anumang oras. Bisitahin ang www.medicare.gov para sa karagdagang impormasyon.

## Alam ba ninyo na ang Medicare ay sumasakop sa…

| | |
|---|---|
| **Pagsusuri sa Abdominal Aortic Aneurism** | Isang-beses na pagsusuring ultrasound para sa mga nanganganib na tao. Kung ang pamilya mo ay may kasaysayan ng abdominal aortic aneurism, o ikaw ay 65 hanggang 75 at nakapanigarilyo na ng hindi kukulangin sa 100 sigarilyo sa buong buhay mo, ikaw ay itinuturing na nanganganib.<br>Sinasakop ng Medicare ang pagsusuring ito kung nakakuha ka ng pagrekomenda bilang bahagi ng inyong isang-beses na panghadlang na pagbisita na "Welcome to Medicare." |
| **Pagsusuri sa Maling Paggamit ng Alkohol at Pagpapayo** | Sinasakop ng Medicare ang 1 pagsusuri sa maling paggamit ng alkohol kada taon para sa mga may sapat na gulang na may Medicare (kabilang ang mga buntis na babae) upang matukoy ang mga maling gumagamit ng alkohol, pero hindi nakadepende sa alkohol. Kung nasuri kang positibo maaari kang makakuha ng hanggang 4 na maikling harapang sesyon sa pagpapayo kada taon (kung ikaw ay may kakayahan at alerto sa panahon ng pagpapayo). Ang isang kuwalipikadong doktor ng pangunahing pangangalaga o ibang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga ay dapat magkaloob ng pagpapayo sa isang lugar ng pangunahing pangangalaga. |
| **Pagsukat ng Mass ng Buto** | Ang mga pagsusuring ito ay tumutulong na makita kung ikaw ay nanganganib para sa mga baling buto.<br>Sinasakop ng Medicare ang mga pagsusuring ito minsan sa 24 na buwan (mas madalas kung medikal na kailangan) para sa mga partikular na taong nanganganib para sa osteoporosis. |
| **Sakit na Cardiovascular (Paglunas na Pangkilos)** | Sasakupin ng Medicare ang 1 pagbisita kada taon sa iyong doktor ng pangunahing pangangalaga upang makatulong na ibaba ang iyong panganib para sa sakit na cardiovascular. Sa pagbisitang ito, maaaring talakayin ng doktor ang paggamit ng aspirin (kung angkop), tingnan ang presyon ng iyong dugo at bigyan ka ng mga payo upang matiyak na maayos kang kumakain. |
| **Mga Pagsusuring Cardiovascular** | Hilingin sa iyong doktor na suriin ang mga antas ng iyong kolesterol, lipid, at triglyceride upang makatulong na malaman kung ikaw ay nanganganib para sa isang atake sa puso o istrok. Kung ikaw ay nanganganib, may mga hakbang na magagawa ka upang hadlangan ang mga kondisyong ito.<br>Sinasakop ng Medicare ang mga pagsusuri para sa mga antas ng kolesterol, lipid, at triglyceride tuwing 5 taon. |
| **Mga Pagsusuri sa Kanser na Colorectal** | Ang mga pagsusuring ito ay tumutulong na matuklasan nang maaga ang kanser na colorectal, kung kailan pinakamahusay ang paggamot.<br>Kung ikaw ay 50 o mas matanda o nasa malaking panganib para sa kanser na colorectal, ang Medicare ang sumasakop sa 1 o higit ng mga pagsusuring ito: fecal occult blood test, flexible sigmoldoscopy, screening colonoscopy, at barium enema. Kung gaano kadalas nagbabayad ang Medicare para sa mga pagsusuring ito ay depende sa pagsusuri at sa iyong antas ng panganib para sa kanser na ito. Ikaw at ang iyong doktor ang magpapasiya kung aling pagsusuri ang pinakamabuti para sa iyo. |
| **Mga Pagsusuri sa Kalungkutan** | Sinasakop ng Medicare ang 1 pagsusuri sa kalungkutan kada taon para sa lahat ng taong may Medicare. Ang pagsusuri ay dapat gawin sa isang lugar ng pangunahing pangangalaga na maaaring magkaloob ng pansunod na paggamot at mga pagrekomenda. |
| **Mga Pagsusuri sa Diyabetis** | Sinasakop ng Medicare ang mga pagsusuri sa diyabetis o pre-diabetes. Ang mga pagsusuring ito ay makukuha kung ikaw ay nagtataglay ng alinman sa mga isinasaalang-alang sa panganib: mataas na presyon ng dugo, dyslipidemia (kasaysayan ng di-normal na mga antas ng kolesterol at triglyceride), labis na katabaan, o isang kasaysayan ng mataas na asukal sa dugo. Ang mga pagsusuri ay sakop din kung ikaw ay may 2 o higit ng mga sumusunod na katangian: 65 o mas matanda, sobra ang timbang, may nagkaroon ng diyabetis sa pamilya (mga magulang, kapatid), nagkaroon ng diyabetis na gestational (diyabetis habang buntis) o nagsilang ka ng isang sanggol na tumitimbang ng higit sa 9 na libra.<br>Batay sa mga resulta sa mga pagsusuring ito,maaaring karapat-dapat ka sa hanggang 2 pagsusuri bawat taon. Kausapin ang iyong doktor para sa karagdagang impormasyon. |

## Alam ba ninyo na ang Medicare ay sumasakop sa…

| | |
|---|---|
| **Pagsasanay para sa Sariling Pamamahala ng Diyabetis** | Ang pagsasanay sa para sa mga taong may diyabetis na may nakasulat na utos mula sa isang doktor o ibang kuwalipikadong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. |
| **Mga Iniksiyon sa Trangkaso** | Ang mga iniksiyong ito ay tumutulong na hadlangan ang trangkaso o flu virus.<br>Sinasakop ng Medicare ang mga iniksiyong ito minsan sa bawat panahon ng trangkaso sa taglagas o taglamig para sa lahat ng taong may Medicare.Kailangan mo ng iniksiyon laban sa trangkaso para sa kasalukuyang virus bawat taon. |
| **Mga Pagsusuri sa Glaucoma** | Ang mga pagsusuring ito ay tumutulong na matuklasan ang sakit sa mata na glaucoma.<br>Sinasakop ng Medicare ang mga pagsusuring ito minsan sa 12 buwan para sa mga taong malaki ang panganib na magkaroon ng glaucoma. |
| **Mga Iniksiyon sa Hepatitis B** | Ang seryeng ito ng 3 iniksiyon ay tumutulong na protektahan ang mga tao laban sa pagkakaroon ng Hepatis B.<br>Sinasakop ng Medicare ang mga iniksiyong ito para sa mga taong nasa malaking panganib o katamtamang panganib para sa Hepatitis B. |
| **Mga Pagsusuri sa HIV** | Sinasakop ng Medicare ang pagsusuri sa HIV (Human Immunodeficienty Virus) para samga buntis na babae at mga taong nanganganib para sa impeksyong ito, kabilang ang sinumang humingi ng pagsusuri.<br>Sinasakop ng Medicare ang pagsusuring ito minsan sa 12 buwan o hanggang 3 beses sa panahon ng pagbubuntis. |
| **Pagsusuri sa Pamamagitan ng Mammogram (Pagsusuri sa Kanser sa Suso)** | Ang isang uri ng X-ray upang magsuri para sa kanser sa suso bago mo ito malaman o ng iyong doktor sa paraang manwal.<br>Sinasakop ng Medicare ang mga mammogram minsan sa 12 buwan para sa lahat ng babae na 40 at mas matanda. Sinasakop din ng Medicare ang 1 baseline mammogram para sa mga babae sa pagitan ng 35 at 39. |
| **Mga Serbisyong Paglunas sa Pamamagitan ng Pagkaing Medikal** | Maaaring sakupin ng Medicare ang paglunas sa pamamagitan ng pagkain at mga partikular na kaugnay na serbisyo kung ikaw ay may diyabeti o sakit sa bato, o ikaw ay nagkaroon ng transplant ng bato sa nakalipas na 36 na buwan, at ang iyong doktor o ibang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay nagrekomenda sa iyo para sa serbisyo. |
| **Pagsusuri at Pagpapayo sa Labis na Pagtaba** | Kung ikaw ay may isang body mass index na 30 o higit. Sinasakop ng Medicare ang matinding pagpapayo upang tulungan kang magbawas ng timbang. Ang pagpapayong ito ay maaaring sakupin kung makuha mo ito sa isang lugar ng pangunahing pangangalaga, kung saan ito ay maaring iugnay sa iyong komprehensibong planong panghadlang. Kausapin ang iyong doktor ng pangunahing pangangalaga o ibang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga upang makakuha ng karagdagang kaalaman. |
| **Pap Test at Iksamen ng Balakang (kabilang din ang iksamen ng suso)** | Ang mga pagsusuri at iksameng ito  sa laboratoryo ay tumitingin para sa mga kanser na cervical at vaginal.<br>Sinasakop ng Medicare ang mga pagsusuri at iksameng ito tuwing 24 na buwan para sa lahat ng babae at minsan sa 12 buwan para sa mga babae na malaki ang panganib. |
| **Iniksiyon na Pneumococcal** | Ang iniksiyong ito ay tumutulong na hadlangan ang mga impeksyong pneumococcal (tulad ng mga partikular na uri ng pulmonya).<br>Sinasakop ng Medicare ang iniksiyong ito para sa lahat ng taong may Medicare. Karamihan ng mga tao ay nangangailangan ng iniksiyong ito minsan lamang sa kanilang buong buhay. Kausapin ang iyong doktor. |

# Alam ba ninyo na ang Medicare ay sumasakop sa…

| | |
|---|---|
| **Mga Panghadlang na Pagbisita** | **Isang beses na panghadlang na pagbisita ng "Welcome to Medicare"** – Sinasakop ng Medicare ang isang pagrepaso ng iyong kalusugan at edukasyon at pagpapayo tungkol sa mga serbisyong panghadlang, kabilang ang mga partikular na pagsusuri, mga iniksiyon, at mga pagrekomenda para sa ibang pangangalaga, kung kailangan.<br>Sinasakop ng Medicare ang pagbisitang ito sa unang 12 buwan lamang ng Medicare Part II na pagsakop.<br>**Taunang "Wellness" na pagbisita** –Kung nagkaroon ka ng Part B na mas matagal kaysa 12 buwan, karapat-dapat ka para sa isang taunang wellness na pagbisita upang buuin o isapanahon ang ibinabagay na planong panghadlang batay sa iyong kasalukuyang mga isinasaalang-alang sa kalusugan at panganib.<br>Sinasakop ng Medicare ang pagbisitang ito minsan sa 12 buwan. |
| **Mga Pagsusuri sa Kanser sa Prostate** | Ang mga pagsusuring ito ay tumutulong na matuklasan ang kanser sa prostate.<br>Sinasakop ng Medicare ang isang digital na iksamen ng tumbong at isang Prostate Specific Antigen (PSA) na pagsusuri sa laboratoryo tuwing 12 buwan para sa lahat ng lalaking higit sa 50 na may Medicare (nagsisimula ang pagsakop sa araw pagkatapos ng iyong ika-50 kaarawan). |
| **Pagsusuri at Pagpapayo sa mga Impeksyon ng Naihahawa sa Paraang Sekswal** | Sinasakop ng Medicare ang mga pagsusuri sa impeksyong naihahawa sa paraang sekswal (sexually transmitted infection, STI) para sa Chlamydia, gonorrhea, syphilis, at Hepatitis B. Ang mga pagsusuring ito ay sakop para sa mga taong may Medicare na buntis at/o para sa mga partikular na tao na malaki ang panganib para sa isang STI kapag ang mga pagsusuri ay iniutos ng isang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga. Sinasakop ng Medicare ang mga pagsusuring ito minsan sa 12 buwan o sa mga partikular na pagkakataon sa panahon ng pagbubuntis.<br>Sinasakop ng Medicare ang hanggang 2 tao 20 hanggang 30 minuto, harapang matinding sesyong pagpapayong pang-asal bawat taon para sa mga may sapat na gulang na sekswal na aktibo na malaki ang panganib para sa mga STI. Sasakupin lamang ng Medicare ang mga sesyong ito ng pagpapayo kung ang mga ito ay ipinagkakaloob ng isang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga at nagaganap sa isang lugar ng pangunahing pangangalaga, tulad ng isang tanggapan ng doktor. Ang pagpapayong isinasagawa sa isang lugar para sa panloob na pasyente, tulad ng isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga, ay hindi sasakupin bilang isang benepisyong panghadlang. |
| **Pagpapayo sa Pagtigil ng Paggamit ng Tabako** | Ang pagpapayo para sa pagtigil ng paggamit ng tabako ay sakop para sa mga taong naninigarilyo o gumagamit ng ibang produktong tabako at hindi pa nasuring may sakit na dulot o ginawang kumplikado ng paggamit ng tabako. Sasakupin ng Medicare ang hanggang 8 harapang pagbisita sa 12-buwang panahon. Ang mga pagbisitang ito ay dapat ipagkaloob ng isang kuwalipikadong doktor o ibang manggagamot na kinikilala ng Medicare. |

## Ang babayaran mo

Wala kang babayaran para sa maraming panghadlang na serbisyo kung kukunin mo ang mga ito mula sa isang kuwalipikadong doktor o ibang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na tumanggap ng pagtatalaga. Para sa ilang panghadlang na serbisyo, maaaring kailangan mong magbayad ng isang maibabawas (deductible), kasamang-seguro (co-insurance), at/o kabahagi-sa-babayaran. Ang mga halagang ito ay nag-iiba depende sa uri ng mga serbisyong kailangan mo at ang uri ng planong pangkalusugan ng Medicare na taglay mo.

## Para sa karagdagang impormasyon

Para sa mga karagdagang detalye tungkol sa pagsakop ng Medicare ng mga panghadlang na serbisyong ito, kabilang ang iyong mga gastos sa Orihinal na Medicare, bisitahin ang www.medicare.gov/publications upang makita o ilimbag ang buklet na "Inyong Patnubay sa mga Panghadlang na Serbisyo ng Medicare." O tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) at humingi ng isang kopya. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Maaari mo ring bisitahin ang www.MyMedicare.gov upang makakuha ng tuwirang daan sa iyong panghadlang na impormasyong pangkalusugan—24 na oras sa isang araw, araw-araw. Maaari mong subaybayan ang iyong mga panghadlang na serbisyo, kumuha ng 2-taong kalendaryo ng mga pagsusuring sakop ng Medicare at mga pagsusuring karapat-dapat ka, at i-print ang isang ibinabagay sa iyo na ulat na "on the go" upang kunin ang iyong susunod na appointment sa doktor. Bisitahin ang Web site, magpatala, at padadalhan ka ng Medicare ng isang password upang pahintulutan kang magamit ang iyong personal na impormasyon tungkol sa Medicare.

CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Product No. 11100 –T (Tagalog)
Binago noong Marso 2012